

Itinataguyod ng Lungsod ng Brampton ang mga kandidato sa 2022 Halalan ng Lalawigan

BRAMPTON, ON (Mayo 25, 2022) – Nauna sa Halalan ng Lalawigan sa Hunyo 2, ang Government Relations team at mga Miyembro ng Konseho ay ipinagpatuloy ang mga adbokasiya para makatulong na ipasulong ang mga mahalagang prayoridad ng Lungsod.

Kabilang sa nangungunang mga prayoridad ng Lungsod:

- Pagpopondo para sa Light Rail Transit (LRT) sa kahabaan ng Main Street papuntang Brampton GO
- Queen Street-Highway 7 Bus Rapid Transit (BRT) at rehiyonal na mga koneksyon
- Gawing de-kuryente ang pangatlong transit facility para sa e-bus fleet
- Riverwalk project – pangmahabang panahon na mga solusyon sa panganib sa baha
- Mga commitment sa pagtatayo ng mas ng mahusay na pangangalagang pangkalusgan sa Brampton (ekspansyon ng Peel Memorial/pangatlong ospital/pangangalaga sa kanser)

Ang Pamahalaan ng Ontario ay isang mahalagang partner para sa Lungsod. Ang pondong natanggap ng Lungsod ay nakakatulong sa pagtatayo ng nagsasali sa lahat, nakakalusog at sustenableng Brampton, at nagpapaganda sa kalidad ng buhay para sa mga residente. Basahin ang mas marami pa tungkol sa mga prayoridad ng lalawigan ng Lungsod [dito](#).

Ang 2022 Ontario Provincial Election ay magaganap sa Hunyo 2, 2022. Ang mga residente ay makakahana ng maraming impormasyon sa pagboto [dito](#).

Mga Quote

“Ang Brampton ay isa sa mabilis na lumalaking mga lungsod sa Brampton, at ang Konseho ng Lungsod ay committed sa pagpapalaki ng transit, namumuhunan sa sustenableng imprastraktura at pagwawakas sa pagkakaroon ng labis-labis na pasyente at panggagamot sa pasilyo ng ospital para sa ating mga residente. Hinihikayat ko ang lahat ng kwalipikadong botante sa ating komunidad na bumoto sa 2022 Halalan ng Lalawigan sa Hunyo 2, at hinihikayat sila na mas matuto tungkol sa ating mga nangungunang prayoridad at pagpopondo sa Pamahalaan ng Ontario. Inaasahan natin ang akikipagtulungan sa mga matagumpay na kandidato.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Government Relations team ng Lungsod ng Brampton ay committed sa pakikipagtulungan sa ating mga partner sa Pamahalaan ng Ontario para mas mapaganda ang buhay ng ating mga residente, Inaasahan naming ang pagtuloy na pagtatayo ng nagsasali sa lahat, nakakalusog at sustenableng lungsod kasama ang lalawigan.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca